

MEMO

1. アイパル香川とは
アイパル香川は、香川県に住んでいる外国人のお手伝いをしています。外国語のできるスタッフもいますので、何か困ったことがあればいつでも相談に来てください。また、県庁にある国際課にも相談してください。

1. Ano ang I-PAL Kagawa?
Ang I-PAL Kagawa ay tumutulong sa mga dayuhang naninirahan sa Kagawa. May mga staff din na marunong magsalita ng wikang banyaga, kaya huwag mag-atubiling lumapit kung sakaling mayroon kayong problema. Pwede rin kayong mag-konsulta sa International Affairs Division ng Prefectural Office.



かがわけんこくさいこうりゅうきょうかい 香川県国際交流協会（アイパル香川内） Kagawa Prefecture International Exchange Association (I-PAL Kagawa) TEL：087-837-5908 FAX：087-837-5903 http://www.i-pal.or.jp/	9:00～18:00 やす げつようび 休み：月曜日 Sarado kung Lunes げつようび しゅくじつ よくじつ かようび （月曜日が祝日のときは翌日の火曜日 やす が休み） （o sa Martes kung holiday sa Lunes）
たかまつこくさいこうりゅうきょうかい 高松市国際交流協会（アイパル香川内） Takamatsu City International Association (I-PAL Kagawa) TEL：087-837-6003 FAX：087-837-6005 http://tia-takamatsu.jp/	
かがわけん そうむぶ こくさいか 香川県 総務部 国際課 International Affairs Division, Kagawa Prefecture General Affairs Dept. TEL：087-832-3028 FAX：087-837-4289 http://www.pref.kagawa.jp/kokusai/	8:30～17:15 やす どようび にちようび しゅくじつ 休み：土曜日・日曜日・祝日 Sarado kung Sabado, Linggo o holiday

(1) 日本語を勉強したいとき
① 日本語講座
《有料 18回¥3,500-》
毎日の生活に必要な
日本語を勉強できま
す。レベル別に8ク
ラスあります。



(1) Pag-aaral ng Wikang Hapon
① Mga Klase sa Wikang Hapon
《may bayad: ¥3,500 sa 18 klase》
Nahahati sa walong baitang, pinag-aaralan dito ang wikang Hapon na kailangan sa pang-araw-araw na pamumuhay.

- ② 日本語サロン《無料》
日本語で楽しく話をする事ができる
場所です。いつでも遊びに来てください。
毎週火曜日 10:00～12:00
毎週木曜日 18:00～20:00
毎週日曜日 13:00～16:00
- ③ 日本語指導ボランティア
《有料（交通費だけ）》
毎日の生活に必要な日本語を教えてく
れる日本人の先生を紹介します。
*あなたの家の近くにも、日本語を勉強
することができる教室があります。

P.73

- (2) 困ったとき
① 人権法律相談《無料》
通訳をつけて、弁護士に相談すること
ができます。先に予約してください。
毎月第3金曜日
【英語・スペイン語・ポルトガル語・
中国語・韓国語】
② 生活相談《無料》
毎日の生活で困っていることをなんで
も相談することができます。先に予約
してください。
【英語・ポルトガル語・
中国語・韓国語】



- ② Japanese Salon 《walang bayad》
Ang Japanese Salon ay isang lugar sa
I-PAL Kagawa na pwedeng makipag-usap
sa Hapon. Halina kayo at makipagsaya
habang pinag-aaralan ang wikang Hapon!
Martes: 10:00～12:00
Huwebes: 18:00～20:00
Linggo: 13:00～16:00
- ③ Volunteer na Guro ng Hapon
《may bayad: pamasahang lamang》
Pwede namin kayong ipakilala sa guro
na makakatulong sa inyo na pag-aralan
ang Hapon na gamit pang-araw-araw.
*May mga nagtuturo rin ng wikang
Hapon (Japanese class) na malapit sa
bahay ninyo.

P.73

- (2) Kung May Problema sa Batas at iba pa
① Patnubay na Ligal at Karapatang
Pantao 《walang bayad》
Pwede kayong mabigyan ng I-PAL
Kagawa ng pagkakataong makipag-
panayam sa abogado at interpreter kung
kinakailangan. Magpa-reserba kung
kinakailangan ang serbisyong ito. Ang
pakikipagpanayam ay ginagawa kada-
ikatlong Biyernes ng buwan.
【Ingles, Espanyol, Portuguese, Chinese,
Korean】
② Patnubay at Suporta para sa Dayuhan
《walang bayad》
Pwede rin kayong mabigyan ng I-PAL
Kagawa ng pagkakataong makipag-
usap sa isang ispesyalista tungkol sa
kahit anong problema. Magpa-reserba
kung kinakailangan ang serbisyong ito.
【Ingles, Espanyol, Portuguese, Chinese,
Korean】

- (3) 通訳が必要なとき
通訳ボランティア《有料》
病院に行くときなどに通訳をつけること
ができます。先に予約してください。

P.4

- (4) 海外の新聞・雑誌を読みたいとき
交流フロア《無料》では、いろい
ろな国の新聞・雑誌を読んだり、
インターネットを使うことができ
ます。(アイパル香川はFREESPOT
(公衆無線LANが無料で使えると
ころ)です。)



- (5) 本を借りたいとき
ライブラリー《無料》で日本や外国の本
を自由に見ることができます。借りるこ
ともできます。

- (6) 香川県内を観光したいとき
交流フロアには、県や市が作った、香川県
や四国のパンフレットを一部おいていま
す。《無料》

- (7) イベントや会議のために部屋を借
りたいとき
会議室貸し出し制度《有料》があります。
お金を稼ぐという目的でないことに使うの
であれば、部屋を借りることができます。

- (3) Serbisyong Tagapagsalin
Volunteer Interpreter 《may bayad》
Sa pagkakataon tulad ng pagpunta sa ospital
at kung anu-ano pa, pwede kayong samahan
ng interpreter. Magpa-reserba sa I-PAL Kagawa
kung kinakailangan ang serbisyong ito.

I-PAL

- (4) Dyaryo at Magasin Mula Ibang
Bansa
May koleksiyon ng mga dyaryo at
magasin mula sa iba't-ibang bansa sa
exchange floor ng I-PAL Kagawa. Pwede
ring gumamit ng internet. (Ang I-PAL
Kagawa ay FREESPOT, kung saan
pwedeng gamitin nang libre ang
pampublikong wireless LAN.) 《walang bayad》

- (5) Silid-Aklatan
Ang silid-aklatan sa I-PAL Kagawa ay
naglalaman ng iba't-ibang uri ng aklat sa
wikang Hapon at sa iba pang wika na
pwedeng basahin nang walang bayad.
Pwede rin itong iwi.


- (6) Pamamasyal sa Kagawa
Sa exchange floor, may mga Kagawa Prefec-
ture at Shikoku pamphlet na ginawa ng prefec-
ture at city. 《walang bayad》

- (7) Pag-renta ng Kuwarto para sa
Event o Pagpupulong
Pwede kayong mag-renta ng alin man sa
maraming kuwarto sa I-PAL Kagawa sa
murang halaga kung ang layon ay hindi sa
pangangalakal (negosyo) o komersyo.

(8) みんなに知らせたいことがあるとき
アイバルプラザ掲示板《無料》があります。
アイバル香川に来る人に見てもらいたい情報を、1階の掲示板に貼ることができます。
2階の事務所で申し込んでください。
掲示期間は1ヶ月です。

(9) あなたが留学生なら

① 香川県留學生住宅確保支援制度
アイバル香川が部屋を借りるために必要な保証人になります。



② 高松市私費外国人留學生国民健康保険料助成制度
高松市に住んでいる私費留學生に限り、国民健康保険料を年1回¥9,000-まで助成します。詳しいことは、学校かアイバル香川（高松市国際交流協会（TEL：087-837-6003））に聞いてください。

★ 通訳等ボランティア派遣制度


アイバル香川では、日本語があまりできない外国人のため、また、外国のことを知りたい香川県の人のため、ボランティアの人たちに協力をお願いしています。

(8) Pagpapaskil ng Impormasyon sa Bulletin Board

Ang *bulletin board* sa unang palapag (1F) ng *I-PAL Kagawa* ay magagamit ng walang bayad para pagpaskilan ng kahit anong impormasyon o paalaala tungkol sa mga *event* at kung anu-ano pa. Dalhin at ipagpaalam ang ipapaskil sa opisina sa ikalawang palapag (2F). Mananatili itong nakapaskil nang isang buwan lamang.

(9) Para sa mga Exchange Students

① Sistema ng Pag-gagarantiya para sa Pabahay ng *Exchange Students* sa *Kagawa*
Sa sistemang ito, ang *I-PAL Kagawa* ang magsisilbing tagapag-garantiya (*guarantor*) kung sakaling mag-renta ng bahay.



② *Takamatsu Foreign Exchange Student Health Insurance Subsidy*
Sa sistemang ito, maibabalik ng munisipyo ng *Takamatsu* sa istudyante na nakatira sa *Takamatsu* ang nagastos sa pagkakasakit na di lalampas sa ¥9,000 isang beses sa isang taon. Itanong ang detalye nito sa paaralan o sa *I-PAL Kagawa (Takamatsu International Association)* (TEL: 087-837-6003)).

★ Boluntaryong Tagapagsalin (Volunteer Interpreters) at iba pa

Nangangalap ang *I-PAL Kagawa* ng mga *volunteer* para matulungan ang mga dayuhang di pa sanay sa wikang Hapon, gayundin, nangangalap din ito ng mga *volunteer* para magturo sa mga residente ng *Kagawa* na nais malaman ang tungkol sa ibang bansa.

種類 しゅるい Uri ng <i>Volunteer</i>	活動内容 かつどうないよう Mga Gawain/Tungkulin
1.通訳ボランティア Tagapagsalin (<i>Interpreter</i>)	病院に行くときなどに通訳をする Tagapagsalin kung may pupunta sa ospital, at iba pa.
2.日本語指導ボランティア Tagapagturo ng Wikang Hapon	日本語を教える Nagtuturo ng wikang Hapon.
3.日本文化等理解ボランティア Tagapagturo ng Kulturang Hapon	外国人に料理、茶道、踊りなどの日本文化を教える Nagtututuro sa mga dayuhan ng kulturang Hapon tulad ng pagluluto, <i>tea ceremony</i> , sayaw at iba pa.
4.国際理解ボランティア <i>International Speaker</i>	学校などで外国での体験を話したり、言葉を教えたりする Nagsasalita sa mga eskwelahan o iba pang lugar tungkol sa iba't-ibang bansa at mga linguwahe nito.

- ① ボランティアを頼みたいとき《有料》
申請書をホームページからダウンロードし、メールかFAXで早めに申し込んでください。急いでいるときは電話でもかまいません。
- ② ボランティアになりたいとき
登録申込書をホームページからダウンロードして、メールかFAXで申し込むか、アイバル香川で直接申し込んでください。

- ① Kung Kinakailangan ang *Volunteer* 《may bayad》
Mag-download ng *request form* mula sa *homepage* at ipadala kaagad sa pamamagitan ng *mail* o FAX. Kung nagmamadali, pwede rin kayong tumawag sa telepono.
- ② Sa mga nais maging *Volunteer*
Mag-download ng *application form* mula sa *homepage* o pumunta sa *I-PAL Kagawa* para mag-apply. Maari kayong tawagin para sa mga gawain ng *volunteer* pagkatapos ng kinakailangang pagsasanay.

2. 緊急のとき

(1) 消防車・救急車・警察を呼びたい

とき (TEL : 119/110)

家の電話、公衆電話、携帯電話

のどれからでも無料でかけるこ

とができます。電話をしたら落

ち着いて、「何があったか」

「名前、住所、電話番号」を言ってくだ

さい。

① 火事が起きたとき

⇒消防車を呼ぶ (TEL : 119)

まず大きな声で近所の人に知らせ、消

防署に電話して、消防車を呼びましょ

う。ひとりで消すのは危険な場合があ

ります。

② けがをしたり、急な病気になった人を

病院に連れて行くとき

⇒救急車を呼ぶ (TEL : 119)

消防署に電話して、救急車を呼びま

す。けがや病気が軽い場合は、自分の

車やタクシーで行ってください。

* 外国人の救急患者と救急隊員の間で使

う情報収集シートがあります。

多言語版救急時情報収集シート

(多文化共生センターひょうご) 【21言語】

<http://www.tabunka.jp/hyogo/119/index.html>

* 夜や休みの日にみてもらえる病院があ

なたの家の近くにもあります。

医療ネット讃岐 【日本語】

<http://www.qq.pref.kagawa.jp/qq/tbn/qqtptbanlt.aspx>

2. Sa Oras ng Sakuna/Emerhensiya

(1) Para sa Ambulansya, Bumbero o Pulis

(Tumawag sa 119 o 110)

Ang mga numerong nabanggit ay maaring tawagan nang libre sa oras ng sakuna o emerhensiya mula sa telepono sa bahay, *cellphone*, o kahit anumang pampublikong telepono. Sa pagtawag, mahinahong sabihin kung ano ang pangyayari, at ibigay ang pangalan, tirahan at telepono.

① Sunog

⇒Tawagan ang 119 para sa bumbero

Kung magkakasunog, pasigaw na ipaalam

ito kaagad sa mga kapitbahay. Tumawag

ng bumbero at hintaying dumating ang

fire truck. Maaring delikado kung solong

papatayin ang sunog.

② Biglaang Pagkakasakit o Sakuna

⇒Tawagan ang 119 para sa ambulansiya

Tawagan ang bumbero para sa ambulansiya. Kung maliit lang naman ang sugat o

sakit, magmaneho o sumakay ng *taxi*

papuntang ospital.

* May *emergency form* na magagamit ng

dayuhang pasyente at *rescue team member* sa *website* na ito.

Multilingual Emergency Form

(Tabunka Kyousei Center -Hyogo)

【nasasalin sa 21 wika】

<http://www.tabunka.jp/hyogo/119/index.html>

* May ospital malapit sa bahay ninyo na

bukas kung gabi o *holiday*.

The Sanuki Medical Network 【Hapon】

<http://www.qq.pref.kagawa.jp/qq/tbn/qqtptbanlt.aspx>

③ どろぼうや事故などにあったとき

⇒警察を呼ぶ (TEL : 110)

どろぼうにあってものお金をとられ

た、何か危ないことがあった、などの

場合は、警察を呼びましょう。

(2) 交通事故

① 交通事故にあったとき

a. 交通事故にあたら一番に、加害者 (事

故を起こした人) の名前、住所、電話

番号、車のナンバーを確認してくださ

い。

b. すぐに警察に連絡してください。警察

が作った事故証明がないと、加害者や

保険会社にお金を払ってもらえませ

ん。後でけがやお金の問題が大きくな

らないように、事故に関係している人

たちだけで話をしないで、必ず警察に

報告してください。

c. けがをしたときは、病院で治しましょ

う。そのとき、診断書と領収書を必ず

もらってください。それがないと、後

で加害者や保険会社からお金をもら

うことができません。

d. 仕事ができないくらい大きなけがをし

たときは、会社にも伝えておきましょ

う。後で会社から就労証明書もら

て、加害者や保険会社からお金をもら

えるよう、手続きをすることになるか

もしれません。

③ Nakawan o Aksidente

⇒Tawagan ang pulis sa 110

Kung kayo ay nanakawan, o kahit sa ano

pa mang uri ng kapahamakan, huwag

mag-atubiling tumawag sa pulisya.

(2) Aksidente sa Trapiko

① Kung Biktima ng Aksidente sa Trapiko

a. Kung naaksidente sa kalye, alamin kaagad

ang pangalan, tirahan at numero ng plaka

ng kotse ng maysala.

b. Kaagad na ipaalam sa pulisya

Kung walang katibayan ng aksidente na

pinapatunayan ng pulisya, maaring di

makatanggap ng pera mula sa maysala

o sa kompanya ng *insurance*. Mahalaga

rin na namamagitan ang pulis sa usapan

upang maiwasan ang pagkakaroon ng

anumang malaking problema sa ban-

dang huli tulad halimbawa sa usapin

tungkol sa pera.

c. Kung ikaw ay nasugatan at kinakaila-

ngang pumunta sa ospital, itago ang

mga resulta ng pagsusuri at mga resibo.

Kung wala nito, posibleng hindi kayo

mabigyan ng bayad sa pinsala mula sa

maysala o kompanya ng *insurance* nito.

d. Kung lubhang nasugatan at hindi kayang

makapagtrabaho, ipaalam ito sa kompa-

nya. Maari mong kailanganin ang

katibayan na ikaw ay nagtatrabaho para

makatanggap ng kabayaran mula sa

maysala o sa kompanya ng *insurance* nito.



② 交通事故を起こしたとき

- a. けがをしている人がいたら、すぐに助けなければいけません。必要なら救急車を呼んでください。
- b. 警察に連絡してください。
- c. あなたが入っている自動車保険の会社に連絡します。遅くなると、保険でお金が払えなくなるかもしれません。
- * 日本では事故になった場合、歩いている人が悪かった場合でも車やオートバイ、自転車に乗っていた人が責任を負わなければならないことがあります。気を付けましょう。
- d. どうしたらいいかわからないときや、けがやお金の問題などで困ったときは、弁護士などに相談した方がいいでしょう。

アイバル 香川法律相談《無料》 I-PAL Kagawa Legal Counseling 《walang bayad》	P.2	予約用 TEL : 087-837-5908 Para sa Reserbasyon
法テラス《無料》 Law Terasu (Japan legal support center) 《walang bayad》	【英語・中国語・ポルトガル語・スペイン語・タガログ語】 【Ingles・Intsik・Portuges・Espanyol・Tagalog】	TEL : 0570-078374
県の交通事故相談所《無料》 Pref. Traffic Accident Consultation 《walang bayad》	【日本語】 【Hapon】	TEL : 087-832-3137
* 市役所や町役場にも相談窓口があります。 * Maaari ring komunsulta sa munisipyo (city hall) o town hall.		

(3) ガスがもれたとき

ガスは使い方をまちがえるととても危険です。変なにおいがしたらガスを止めて窓をあけてください。そのとき、家の中で火を使

② Kung Naging Sanhi ng Aksidente

- a. Tumulong kung sakaling may nasugatan. Tumawag ng ambulansya kung kinakailangan.
- b. Tumawag sa Pulis.
- c. Ipaalam sa inyong kompanya ng *insurance*. Posibleng di kayo matulungan ng kompanya kung sakaling hindi kaagad ipapaalam ang nangyaring aksidente.
- * Ayon sa batas trapiko ng *Japan*, may responsibilidad din sa aksidente ang nakabangga (sakay ng kotse, motorsiklo o bisikleta) kahit na kasalanan pa man ng nabangga. Lubos na mag-ingat.
- d. Kung may pag-aatubili o kaya naman ay magkaroon ng problema tulad halimbawa sa bayad sa pinsala, mas makakabuting komunsulta sa mas higit na nakakaalam tungkol dito tulad ng abogado.

(3) Singaw ng Gas

Ang *gas* ay delikado kung di gagamitin nang maayos. Kung may kakaibang amoy, isara ang *gas* at buksan ang bintana at huwag magsindi ng kahit ano sa loob ng

わないでください。また、休みでも夜でも、近くのガス会社に連絡してください。

LPガス (いろいろな会社があります。) LPG (Iba't-ibang kompanya)	ガスボンベに書かれた電話番号 ang numero ng telepono ay nakasulat sa tangke ng <i>gas</i>
都市ガス (ガスボンベがない場合) Natural Gas (kung walang tangke) 四国ガス 高松支店 Shikoku Gas, Takamatsu Branch 四国ガス 丸亀支店 Shikoku Gas, Marugame Branch	TEL : 087-821-8146 TEL : 0877-22-2301

(4) 落とし物・忘れ物をしたとき

近くの警察署が交番へ行って聞いてみましょう。乗り物の中での落とし物や忘れ物は、駅や営業所にきいてください。

また、クレジットカードや銀行のカードをなくしたときは、カード会社に電話して、そのカードを使えないようにすることも忘れな

(5) 自然災害(地震・台風・洪水など)が起きたとき

日本では地震や台風がよくあります。家にいると危ないときは、近くの避難所

避難しなければなりません。テレビやラジオをよく聞いて、自分の住んでいる地域に「避難勧告」が出ていたら、近くの避難所に逃げましょう。


避難所とは：食事ができます。水がもらえます。トイレがあります。寝る場所があります。災害の情報が

あります。無料です。外国人も使うことができます。

bahay. Tawagan ang kompanya ng *gas* gabi man o *holiday*.

(4) Nawalang Gamit

Itanong sa pinakamalapit na istasyon o himpilan ng pulis. Kung may naiwan sa pampublikong sasakyan tulad ng tren o *taxi*, tumawag sa kompanya nito. Kung nawala ang *credit card* o *card* ng bangko, tumawag sa kompanya ng *card* para ipawalang bisa ito.



(5) Sa Panahon ng Likas na Kapahamakan (Lindol, Bagyo, Baha at iba pa)

Madalas magkaroon ng lindol at bagyo sa *Japan*. Maari kayong lumikas sa pinakamalapit na *evacuation center* kung sakaling maging mapanganib ang manatili sa bahay. Makinig nang mabuti sa mga balita sa TV at sa radyo, at sumunod sa payo at anunsyo hinggil sa magiging dulot na sakuna.

Sa *evacuation center* : May libreng pagkain, tubig, *toilet* at tulugan. May mga impormasyon din tungkol sa *disaster*. Pwede gumamit ang kahit sinong dayuhan.



*「^{がいこくじんじゅうみん}外国人住民のための防災ガイドブック」(^{かがわけん}香川県総務部国際課) *“Guidebook sa Paghahanda Para sa mga Sakuna” (Kagawa International Affairs Division) 【^{にほんご}日本語・^{えいご}英語・^{かんこくご}韓国語・^{ちゅうごくご}中国語・^{たがログ語}タガログ語・^{インドネシア語}インドネシア語・^{ポルトガル語}ポルトガル語・^{スペイン語}スペイン語】 【Hapon, Ingles, Korean, Chinese, Tagalog, Indonesya, Portuguese, Espanyol】 http://www.pref.kagawa.jp/kokusai/m_disaster/index2.html
*「^{さいがいじ}災害時^{たげんご}多言語^{ごしゅうほう}情報^{ていきょう}作成ツール」(^{じちたい}自治体国際化協会)【日本語】 *“Multilingual Disaster Information Tool”(CLAIR)【Hapon】 ^{さいがいじ}災害時に^{がいこくじんじゅうみん}外国人住民に^{じょうほう}情報を^{ていきょう}提供するためのツールが10カ国語で用意されています。 May kagamitan para sa pagpapadala ng anumang sa panahon ng kapahamakan sa mga dayuhan na nasasalin sa 10 iba't-ibang wika. Naglalaman ito ng mas malinaw at maayos na pagpapaliwanag tungkol sa mga balita at kinakailangang aksyon at gawain sa panahon ng sakuna at kapahamakan. Mga tamang impormasyon at paunawa na dapat malaman sa nabanggit na bagay. http://www.clair.or.jp/j/multiculture/tagengo/tool.html
*「^{たげんごさいがいじょうほうぶんれいしゅう}多言語災害情報文列集」(^{じちたい}自治体国際化協会)【日本語】 *“Multilanguage Disaster Information Collection of Model Sentences” (Council of Local Authorities for International Relations)【Hapon】 ^{とうほくちほうたいへいようおきじんたげんごしえん}東北地方太平洋沖地震多言語支援センターで^{じっさいはいしん}実際に配信された^{たげんご}多言語(9カ国語)の^{がいこくじん}外国人向け情報がまとめられています。 Sa Multilanguage Support Center for the Tohoku Earthquake Out at Pacific Ocean, may mga impormasyon para sa dayuhan tungkol sa mga salitang ginagamit sa oras na magkalindol. Ito ay nasasalin sa siyam (9) na iba't-ibang wika. Ang impormasyong nilalaman nito ay para sa ikadadali ng pagpapaliwanag ng mga taong tumutulong para sa mga dayuhan na limitado ang kaalaman sa wikang Hapon. http://www.clair.or.jp/tabunka/shinsai/mesbasic.html
*「^{がいこくじんようじしんさいがい}外国人用地震災害基礎語彙100」(^{ひろさきだいがくじんぶんがくぶ}弘前大学人文学部「やさしい日本語」研究会) *“Basic Earthquake Disaster Vocabulary for Foreigners 100” (Hirosaki University, Faculty of Humanities Easy Japanese Research Group) Ang mga sumusunod na website ay naglalaman ng mga katagang nakasulat sa Kanji at mga mahirap na salita na nagtutungkol sa sakuna at kapahamakan. Malaking tulong para sa pagpapaliwang at mas madali at mas maayos na pag intindi ng mga dayuhan. Isang malaking tulong para sa karagdagang kaalaman ng mga salita. http://human.cc.hirosaki-u.ac.jp/kokugo/EJ100go-zyuni.html

(6) ^{はいぐうしゃ}配偶者から^{ぼうりょく}暴力を受けたとき

香川県では、^{かがわけん}配偶者からの^{ぼうりょく}暴力に関する相談を^{そうだん}無料で^{むりよう}行っています。^{おこな}秘密は必ず^{ひみつ}守られますので、^{かん}安心して相談してください。^{ちか}近くの^{けいさつしょ}警察署でも^{そうだん}相談することができます。

^{かがわ}アイパル^{いがい}香川以外は^{にほんご}日本語での^{そうだん}相談になります。^{つうやく}通訳が必要なら、^{かがわ}アイパル^{かがわ}香川は^{つうやく}通訳ボランティアを^{はけん}派遣します《^{ゆうりよう}有料》。

(6) Para sa Biktima ng Karahasan ng Asawa

Ang *Kagawa Prefecture* ay nagbibigay ng libreng konsultasyon sa mga biktima ng karahasan ng asawa. Labis na pangangalagaan ang inyong *privacy*, kaya huwag mag-atubiling sumangguni. Maari rin ninyong tawagan ang pinakamalapit na himpilan ng pulisya.

Maliban sa *I-PAL Kagawa*, ang konsultasyon ay ginagawa sa wikang Hapon lamang. Makipanayam sa *I-PAL Kagawa* kung kinakailangan ang tagapagsalin. 《may bayad》



^{かがわほうりつそうだん} アイパル香川法律相談 Legal Counseling sa I-PAL Kagawa		TEL : 087-837-5908
^{かがわけん} 香川県子 ^{じょせい} ども女性 ^{そうだん} 相談センター Kagawa Prefecture Children and Women's Counseling Center		TEL : 087-835-3211
^{だんじょきょうどうきんかく} 男女共同 ^{そうだん} 参画相談プラザ Kagawa Gender Equality Consultation Plaza		TEL : 087-832-3198
^{たかまつし} 高松市 ^{ふくし} 福祉 ^じ 事務所 Takamatsu City Welfare Office		TEL : 087-839-2384
^{まるがめし} 丸亀市 ^{ふくし} 福祉 ^じ 事務所 Marugame City Welfare Office		TEL : 0877-23-2201
^{さかいで} 坂出市 ^{ふくし} 福祉 ^じ 事務所 Sakaide City Welfare Office		TEL : 0877-44-5027
^{ぜんつう} 善通寺市 ^{ふくし} 福祉 ^じ 事務所 Zentsuji City Welfare Office		TEL : 0877-63-6371
^{かんおん} 観音寺市 ^{ふくし} 福祉 ^じ 事務所 Kanonji City Welfare Office		TEL : 0875-23-3957
^{さぬき} さぬき市 ^{ふくし} 福祉 ^じ 事務所 Sanuki City Welfare Office		TEL : 0879-52-6600

ひがし しほけんふくしじむしょ 東かがわ市保健福祉事務所 <i>Higashikagawa City Health and Welfare Office</i>	TEL : 0879-25-7830
みとよしふくしじむしょ 三豊市福祉事務所 <i>Mitoyo Welfare Office</i>	TEL : 0875-73-3665
とうせんほけんふくしじむしょ 東讃保健福祉事務所 <i>Tosan Regional Health and Welfare Office</i>	TEL : 0879-29-8253
ちゅうさんほけんふくしじむしょ 中讃保健福祉事務所 <i>Chusan Regional Health and Welfare Office</i>	TEL : 0877-24-9960
しょうずそうごうじむしょ 小豆総合事務所 <i>Shozu Regional Office</i>	TEL : 0879-62-1373

3. 家・引越し

(1) 新しい家を探す・借りる



① 家を探す

大きく分けて次の2通りがあります。

a. 民間の賃貸住宅

民間の家やアパートなどを探すときは、不動産屋を使うと便利です。不動産屋は、駅の近くなどにあります。希望する家賃、広さ、住みたい町などを言うと、希望にあった家やアパートを紹介してくれます。

b. 公営住宅

県や市町には、住む家がなく困っている人のための公営住宅があります。公営住宅は家賃が安いので、入りたい人が多く、抽選（くじびき）で決めることがほとんどですが、給料が高い人は入れないなど、いくつか制限があります。詳しいことは、県庁や市役所、町役場にきいてください。

② 家を決めたら

家を借りる時には、家賃（家を借りるために毎月払うお金）、共益費（建物の管理のために集めるお金）のほかにも、いろいろなお金が必要です。全部合わせて、家賃の5～6ヶ月分ぐらいになります。また、契約する時は、原則として保証人が必要です。

3. Tirahan at Lipat-Bahay

(1) Paghahanap ng Tirahan at Pag-upa

① Paghahanap ng Tirahan

Nahahati sa sumusunod na dalawang kategoriya ang paraan ng paghahanap ng tirahan.

a. Pribadong tirahan

May mga ahente para rito (*fudosanya*) na maari kayong tulungan sa paghahanap ng pribadong tirahan o *apartment* na paupahan. Ang mga ahenteng ito ay kadalasang makikita malapit sa istasyon ng tren. Sabihin lang sa ahente ang nais na upa, laki at lugar ng tirahan, at ipapakita sa inyo ang mga iba't-ibang pagpipilian na angkop sa gusto ninyo.

b. Pamublikong pabahay

Para sa nahihirapang makakita ng tirahan, may mga pabahay din ang prepektura, lungsod at bayan para sa inyo. Ang upa ay kadalasang napakababa, kaya naman mula sa mahabang listahan ng *nag-apply* pinipili sa pamamagitan ng bunutan (*lottery*) ang pwedeng tumira rito. May mga restriksyon sa mga pwedeng tumira rito tulad halimbawa ng hindi pagpapahintulot na tumira sa mga pamilyang may mataas na sweldo at iba pa. Sumangguni sa lokal na munisipyo, *prefectural office* o *town hall* para sa iba pang detalye.

② Kapag Napag-alaman na ang Gustong Tirahan

Maraming gastos ang kaakibat sa pag-upa ng tirahan, tulad halimbawa ng upa (kinokolekta buwan-buwan), bayad sa pangangalaga ng paligid (*common area*), at iba pa. Sa kabuuan, aabot din ito ng halos 5 hanggang 6 na beses ng halaga ng buwanang upa. Kinakailangan din ang tagapagarantiya (*guarantor*) kapag pumirma na ng kontrata.





a. 敷金 (しききん)
契約する時、家主に預けるお金で、大体家賃の1~3ヶ月分です。家を借りた人がそこを出る時に、まだ払っていない家賃や壊れたところをなおすために使われます。その費用を引いて、残りがあれば返ってきます。

b. 礼金 (れいきん)
契約の時、家主に支払うお金で、大体家賃の1~2ヶ月分です。家を借りた人がそこを出るときも返ってきません。

c. 仲介料 (ちゅうかいりょう)
部屋を紹介してくれた不動産屋へ支払う手数料です。普通、家賃の1ヶ月分を支払います。

d. 保証人 (ほしょうにん)
保証人になった人は、もしあなたがいなくなったら代わりにお金を払わなければなりません。ですから、あなたを信用してくれている、親しい人に頼みましょう。どうしても保証人が見つからない場合は、保証人代行会社に頼むこともできますので、不動産屋に相談してください。

★ 香川県留學生住宅確保支援制度
日本国際教育支援協会と契約をしている県内の大学の学生のために、アイパル香川が家を借りるために必要な保証人になることができます。借りる家が

a. Deposito (*shiki-kin*)
Ang deposito na nagkakahalaga ng 1 hanggang 3 beses ng buwanang upa ay ibinibigay sa may-ari kapag pumirma na sa kontrata. Sa pag-alis, mapapabalik ang deposito pagkatapos bawasin ang nagastos sa pagpapalinis at pag-aayos ng mga nasirang gamit sa bahay.

b. Key money (*reikin*)
Ito ay nagkakahalaga ng halos 1 hanggang 2 beses ng buwanang upa at ibinibigay din sa may-ari kapag pumirma na sa kontrata. Hindi maibabalik ang perang ito kapag umalis na sa inuupahang tirahan.

c. Bayad sa ahente (*chuukai-ryo*)
Ito ay nagkakahalaga ng halos isang buwang upa at ibinibigay sa ahente na tumulong na maghanap ng tirahan.

d. Tagapag-garantiya (*hoshonin*)
Ang tagapag-garantiya (*guarantor*) ang siyang magbabayad kapag kayo ay biglang nawala o di nakabayad ng buwanang upa. Kaya naman, piliin ang taong pinagtitiwalaan ka o ang matalik mong kaibigan para maging tagapag-garantiya. Kung hindi makakita ng tagapag-garantiya, may mga kompanya na pwedeng maging tagapag-garantiya pero kinakailangan ang bayad. Magtanong sa opisina ng ahente para sa detalye.

★ Sistema ng Pag-gagarantiya para sa Pabahay ng Exchange Students sa Kagawa


Ang I-PAL Kagawa ay maaring magbigay ng tagapag-garantiya sa mga exchange students na naga-aaral sa kolehiyo na nakatala sa Japan Educational Exchanges and Services. Kapag napag-desisyon na

決まったら、日本国際教育支援協会に
お金を振り込んでください。その保険の
加入者用控と、大学の推薦書、賃貸の
契約書3通を持って、アイパル香川まで
来てください。(詳しいことは、大学で聞
いてください。)

③ 契約書で確認すること
借りて住む家では、部屋の使いかたに
ついてのルールがあります。契約書を
丁寧に読み、どんなことが禁止されて
いるか確認しましょう。

例

◆ Halimbawa

		
ペットを飼うこと Pag-aalaga ng hayop	・他の人に部屋を貸すこと ・契約で決めた人以外と住むこと ・Pagpapaupa ng kuwarto sa iba ・Pagpapatira sa mga taong di nakasulat sa kontrata	住むために借りた部屋を他のことに使うこと Paggamit ng inuupahang kuwarto sa ibang bagay (negosyo) na hindi nakasaad sa kontrata
	⇒日本では借りた家を出るときは、その家を元通りにきれいにしてから出なければなりません。壊したり汚したりしたもの(窓や壁紙など)のお金は、敷金から払うことになります。契約するときは、最後にどのくらいきれいにして出なければならぬか、確認しましょう。家に初めて入ったときも、最初どのような状態か確認しておいたほうがよいでしょう。 ⇒Sa Japan, responsibilidad ng umuupa na panatilihin o ibalik sa dating anyo at linis ang tirahan noong sila ay lumipat. Lahat ng pinsala (sa wallpaper, bintana at iba pa) ay kakaltasin sa deposito kapag umalis. Siguraduhing nabasang mabuti ang kontrata at alamin ang mga kondisyon kung gaano kalinis dapat iwanan ang inuupahang tirahan. Mas makakabuti rin kung aalaming mabuti ang kondisyon at mga pinsala sa lilipatang tirahan bago pirmahan ang kontrata.	
部屋に釘を打ったり、ペンキを塗ること Pagpapako o pagpipintura ng kuwarto		

(2) 生活を始めるために

① 公的機関（市役所や町役場、警察）

ですること

a. 転入届・転居届

外国から来て日本に住み始めた人で、もらった在留カードに住所が書かれていなかったり、まだ在留カードをもらっていない人は、新しい住所が決まってから14日以内に新しい住所を知らせてください（転入届）。そのとき、家族全員の在留カードやパスポート（在留カードがまだない人だけ）をいっしょに持って行ってください。他の町から引っ越してきた人は、新しい家に住み始めて14日以内に転入届をしてください。そのとき、家族全員の在留カードと、前に住んでいた市や町を出るときもらった転出証明書をわすれないで持って行ってください。同じ市や町の中で住所が変わった人は、転居届をしてください。

P.45

b. 国民健康保険や国民年金

初めて保険や年金に入る人は、担当課で申し込んでください。もう入っている人は、転入届（転居届）をするだけで、自動的に保険や年金の住所の変更ができます。

P.50

c. 水道

市役所や町役場の水道課に連絡してください。

(2) Pang-araw-araw na Pamumuhay

① Mga Dapat Asikasuhin

(sa Munisipyo, *Town Hall* at Pulisya)

a. Pagpapatala ng Paglipat

Para sa nanggaling sa ibang bansa at magsisimulang manirahan dito sa *Japan*, sa mga nakatanggap na ng *residence card* pero di pa nasusulatan ng address at sa hindi pa nakatanggap ng *residence card*, kailangang ipalam sa munisipyo ang bagong tirahan (*address*) sa loob ng 14 na araw pagkalipat (*notice of moving in*). Dalhin ang residence card o passport (kung wala pang *residence card*) ng lahat ng myembro ng pamilya. Para sa nanggaling sa ibang munisipyo o bayan, magpasa ng “*notice of moving in*” sa loob ng 14 na araw pagkalipat. Dalhin ang residence card ng bawat myembro at “*notice of moving out*” na makukuha sa pinanggalingang munisipyo.

Kung ang pagbabago ng *address* ay sa loob mismo ng munisipyo o bayan, kailangan ding ipatala ito (*notice of change of address*).

P.45

b. National Health Insurance at Pension Plan

Para sa nais sumali sa *National Health Insurance* at *Pension Plan*, mag-apply sa opisina para rito. Para naman sa mga kasapi na nito, mapapalitan din ang *address* dito sa pagpapasa lamang ng “*notice of moving in*” o “*notice of change of address*”.

P.50

c. Pagpapakabit ng Tubig

Sumangguni sa departamento para sa patubig (*waterworks*) sa munisipyo o *town hall*.

d. 転校（転入）手続き（小・中学校）

転入届（転居届）を出した後、転校（転入）を申し込みます。詳しいことは、教育委員会に聞いてください。

P.58

e. 自動車運転免許証

新しい住所が分かるものを持って、近くの警察か運転免許センターで住所を書き直してもらってください。

P.64

② 家の準備

a. 電気

近くの電力会社に、住所、名前、電話番号を知らせます。このとき、「お客様番号」（毎月の請求書に書かれています）が分かればそれを伝えてください。

d. Pagbabago ng Paaralan

(*elementary* at *junior high school*)

Pagkatapos magpatala ng paglipat, mag-apply din para sa pagbabago ng paaralan ng mga bata. Para sa mga detalye, sumangguni sa *Board of Education*.

P.58

e. Lisensya sa Pagmamaneho

(*Driver's License*)

Ipakita ang pruwera ng inyong bagong tirahan (*address*) at ipasulat ito sa lokal na himpilan ng pulisya o sa *driver's license center*.

P.64

② Paghahanda ng Bahay

a. Kuryente

Ipaalam sa lokal na opisina ng kuryente ang inyong tirahan, pangalan at numero ng telepono. Kung may “*customer number*” (nakasulat sa natatanggap na *bill* kada-buwan) na kayo, sabihin din ito.

四国電力	Shikoku Electric Power Co., Inc.	
・高松支店 <i>Takamatsu Branch</i>	高松市（国分寺町以外）、三木町 <i>Takamatsu-shi</i> (maliban sa <i>Kokubunji-cho</i>), <i>Miki-cho</i>	☎ 0120-410-761
・東かがわ営業所 <i>Higashikagawa Branch</i>	さぬき市、東かがわ市 <i>Sanuki-shi, Higashikagawa-shi</i>	☎ 0120-410-712
・観音寺営業所 <i>Kanonji Branch</i>	観音寺市、三豊市 <i>Kanonji-shi, Mitoyo-shi</i>	☎ 0120-410-768
・坂出営業所 <i>Sakaide Branch</i>	さかいでし、まるがめし、あやうちょう、はんざんちょう、綾川町、 高松市（国分寺町）、宇多津町 <i>Sakaide-shi, Marugame-shi (Hanzan-cho, Ayauta-cho), Ayagawa-cho, Takamatsu-shi (Kokubunji-cho), Utazu-cho</i>	☎ 0120-410-740
・丸亀営業所 <i>Marugame Branch</i>	まるがめし、あやうちょう、はんざんちょう以外、善通寺市、 まんのう町、琴平町、多度津町 <i>Marugame-shi</i> (maliban sa <i>Ayauta-cho, Hanzan-cho</i>), <i>Zentsuji-shi, Manno-cho, Kotohira-cho, Tadotsu-cho</i>	☎ 0120-410-763

中国電力 Chugoku Electric Power Co., Inc.		
・小豆島営業所 Shodoshima Branch	小豆島町、土庄町 Shodoshima-cho, Tonosho-cho	☎ 0120-414-267
・岡山営業所 Okayama Branch	直島町 Naoshima-cho	☎ 0120-411-353

☎ フリーダイヤル (通話料無料)

(libreng tawag)

b. 電話 (NTTなら116)
新しい家に電話回線がある場合は、住所とその家に入る目を知らせます。他の電話会社を使っている場合は、その会社に言ってください。

③ 隣・近所の人達との付き合い
日本では、引越してきた人が隣の人に500円程度の品物を持ってあいさつに行くのが一般的です。近所の人と顔見知りになることはとても大切ですし、地域のいろいろな情報をもらせるかもしれません。あなたの名前やどんなことをしているかなど、簡単な自己紹介をしましょう。

★ 町内会・自治会
日本では、それぞれの地域に、町内会もしくは自治会と呼ばれる組織があります。町内会や自治会では、市役所や町役場、保健所などからの情報を紙に書き、それを家から家に順番に渡していく「回覧版」で、みんなが新しい情報を知ることができるようにしています。

b. Telepono (116 kung NTT)
Kung ang inyong lilipatan ay may linya na ng telepono, tawagan ang kompanya nito at ipaalam ang inyong tirahan at ang araw ng paglipat. Kung may serbisyo kayo mula sa ibang kompanya, ipaalam din ito.
③ Pakikipagmabutihan sa Kapitbahay
Sa Japan, kaugalian na batiin ang kapitbahay ng lilipatang tirahan. Pagbigay at pag-abot regalo ay pwedeng magkahalaga mula sa ¥500. Mahalaga na kilalanin ang mga kapitbahay, maari silang makatulong sa mga impormasyon tungkol sa kapaligiran ng lilipatan. Magpakilala at banggitin ang simpleng impormasyon tungkol sa sarili.

★ Mga Samahan sa Komunidad
Sa Japan, may mga asosasyon sa bawat komunidad na tinatawag na *chonai-kai* o *jichi-kai*. Nangangalap ang mga ito ng impormasyon mula sa munisipyo o *town hall* at ipinamamahagi sa bawat bahay upang ipaalam sa mga myembro nito ang mga kasalukuyang pangyayari. May ipinapasa na mga impormasyon sa bahay-bahay na tinatawag na "*kairanban*". Ang asosasyon ay nagbubuo rin ng mga *event*, at iba't ibang mga gawain tulad ng pagsasanay para sa paghahanda sa panahon ng likas na kapahamakan tulad ng

また、イベントや、防犯活動、防災訓練 (火事や地震のときにどうしたらいいか勉強や練習をする) などを一緒にしています。このような活動のためのお金は、みんなで少しずつ出しあってあります。外国人も町内会や自治会に入ることができますので、町内会の人たちと会ったときに詳しいことをきいてください。

(3) 住み方のルール

アパートなどではみんなが気持ちよく生活するために「住み方のルール」を守ることがとても大切です。

① ゴミの出し方

ゴミを出す時間、曜日、場所、分け方などは、あなたの住んでいるところによって違います。日本ではきちんとゴミを分けて捨てることはとても大切なことです。詳しいことは、不動産屋か近所の人、市役所や町役場にきいてください。

◆ 確認すること

- 集める曜日と時間はいつ?
- 集める場所はどこ?
- 市役所や町役場が決めたゴミ袋は?
- ゴミの種類と分け方、出し方は?

lindol, sunog at iba pa. Ang lahat ng myembro ng asosasyon ay nagbibigay ng konting halaga para matustusan ang mga pangangailangan sa *event* at mga gamit para rito. Ang mga dayuhan ay maari ring sumali sa asosasyon na ito, magtanong lamang sa myembro ng lokal na asosasyon para sa detalye.



(3) Mga Alituntunin para sa Maayos na Pagtira

Para sa maayos na pagtira kasama ng iba pang mga kapitbahay, mahalagang bigyang pansin ang mga alituntuning alin-sunod sa maayos na pagtira.

① Pagtatapon ng Basura

Ang iskedyul ng pagtatapon at uri ng itatapon na basura kada-araw ay naiiba ayon sa lugar na tinitirhan. Mahalaga na paghiwalayin ang basura na naayon sa uri nito. Para sa mga detalye, magtanong lamang sa ahente ng bahay, kapitbahay, munisipyo o *town hall*.

◆ Mga dapat bigyan ng pansin

- Araw at oras ng pagtatapon
- Lugar na pinagtatapan
- Plastic bag na ipinag-uutos gamitin ng munisipyo o *town hall*
- Uri at paraan ng paghiwalay at pagtatapon



◆ 例 (高松市のゴミの種類)

燃やせるゴミ Nasusunog	破砕ゴミ (燃やせないゴミ) Hindi Nasusunog	有害ゴミ Mga Delikadong Bagay	*a 資源ゴミ (ビン・カン・ペットボトル) *a Pwedeng I-resaykel
紙・布 Papel/Damit	プラスチックゴミ Plastik	*b 粗大 (大型) ゴミ *b Malalaking Basura	*c リサイクル対象ゴミ *c Pwedeng I-resaykel na Appliances

- a. 資源ゴミとは？
古い新聞や雑誌、カンやビンのように、資源としてもう一度使えるものは、資源ゴミとして他のゴミと分けて集める地域があります。何が資源ゴミになるか、どう分けるかは、地域によって違います。
- b. 粗大ゴミ (大型ゴミ) とは？
電気製品 (c.のゴミ以外)、家具などの、大きなゴミのことです。集め方は、地域によって違います。

◆ Halimbawa: Mga Uri ng Basura sa Takamatsu

- a. Ano ang pwedeng i-resaykel?
May mga lugar na nangangalap ng mga basura na pwedeng i-resaykel o muling gamitin tulad ng dyaryo at magasin, o kaya ay lata at bote. Ang mga bagay na pwedeng i-resaykel at kung paano ito ihiwalay ay depende sa lugar na tinitirhan.
- b. Ano ang malalaking basura?
Ito ay ang mga basura tulad ng mga kagamitang dekuriente (maliban sa nakasulat sa *c.), mesa, sofa at iba pa. Ang pagkuha ng mga ito ay ayon sa patakaran sa lugar na tinitirhan.

- c. リサイクル対象ゴミ (エアコン、テレビ、冷蔵庫、洗濯機) とは？
大きくてもこれらは粗大ゴミとして簡単には出せません。捨てる時にはお金がかかります。捨てたいときは、買った店か、新しく買う店に、持って帰ってもらいます。店が帰ってこないときは、市役所や町役場に捨て方をきいてください。

- ② 台所の使い方
流しに、ゴミや使った後の油などを捨てないでください。水が流れなくなります。また、川や海を汚すことにもなります。油を捨てる時は、新聞紙などで油を拭き取り、燃えるゴミとして捨ててください。



- ③ 生活騒音
あなたがうるさいと思わない音でも、隣や近所の人には迷惑になっているかもしれません。あまり大きな音をたてないようにしましょう。特に、夜遅くや朝早い時間には注意しましょう。

- c. Ano ang pwedeng i-resaykel na kagamitang dekuriente (aircon, TV, refrigerator, washing machines)?
Kahit ang mga ito ay malalaki, hindi ito pwedeng itapon bilang kauri ng nabanggit na malalaking basura sa b. May bayad kung itatapon ang mga ito. Kung bibili kayo ng bagong kagamitan, ipakuha sa binilhan ang lumang gamit o kaya naman ay magtanong sa munisipyo o town hall kung paano ang pagtatapon nito.


- ② Sa Kusina
Huwag basta-basta itapon ang nagamit na mantika o basura sa lababo. Ito ay posibleng maging sanhi ng pagbabara ng tubo o pagdudumi ng ilog o dagat. Punasan ng dyaryo o kahit anong papel ang mantika sa kawali bago itapon bilang kauri ng mga nasusunog na basura.



- ③ Ingay
Kahit ang ingay na di naman gasinong malakas ay maaring abala na sa iba. Pilitin na huwag gumawa ng ingay lalo na sa gabi o sa umaga.

◆例

◆Halimbawa

		
テレビ、ラジオ、CDなどの音 Tunog ng TV, radyo at CD player	がっき おと 楽器の音 Mga Instrumentong Pang-Musika	おおごえ かいわ 大声での会話 Malakas na Usapan
		
そうじき せんたくき おと 掃除機や洗濯機の音 Vacuum cleaner at washing machine	シャワーやお風呂の音 Tunog ng Paliguan (Shower at Ofuro)	ドアを開けたり閉めたりする音 Pagbubukas at Sara ng Pinto

④ お風呂・トイレの使い方

日本は湿気が多くカビがはえやすいので、窓を開けたり換気扇を回したりして、空気を入れ替えましょう。お風呂に入るときは、次に入る人のためにお湯に入る前に必ず体を洗い、タオルや石鹸でお湯を汚さないようにしましょう。お風呂やトイレの排水がつまると、水があふれだしてしまい、周りの人に大きな迷惑





④ Paggamit ng Palikuran at Paliguan

Maalinsangan sa *Japan* kapag *summer*, at madaling tumubo ang amag (*molds*). Buksan ang bintana o gumamit ng bentilador para mapalitan ang hangin sa loob. Sa pampublikong paliguan, nililinis muna ang katawan bago tumubog sa *ofuro* (babaran). Ang tuwalya at sabon ay hindi dinadala sa *ofuro* upang hindi magdumi ang tubig. Iwasang huwag magbara ang daluyan ng tubig (*drain*) dahil malaking abala ang pagbabaha sa mga kapitbahay sa paligid.

をかけてしまいます。排水溝にたまった髪の毛などはできるだけとりましょう。排水管をつまらせて下の階が水浸しになってしまった場合は、弁償しなければなりません。日本のトイレではトイレットペーパーを流してもかまいませんが、ティッシュや生理用ナプキンは絶対に流さないでください。


⑤ ベランダの使い方

ベランダで布団を干すときや、鉢植えの木や花を育てるときは、それらがベランダから落ちないように気をつけましょう。ベランダに緊急の時に逃げるための穴がある場合は、その穴のふたの上にものを置かないようにしましょう。隣の部屋との間にある壁の前も同じです。



⑥ 共有部分の使い方

階段や廊下は共有部分です。地震や火事するとき、ここは逃げるための道として使われるので、あなたの物を置いてはいけません。



Kuhanin ang mga nakabarang bagay tulad ng buhok sa daluyan ng tubig. Kung sakaling magbabara ang tubo at dumaloy ang tubig sa kuwarta sa baba, magbabayad kayo ng kapinsalaan nito. Dito sa *Japan*, maaring *i-flush* ang *toilet paper*. Huwag *i-flush* ang mga *tissue* at *sanitary napkin*.



⑤ Paggamit ng Beranda


Kung nagpapahangin ng *futon* o nag-aalaga ng halaman sa beranda, siguraduhing hindi ito babagsak. Kung may *emergency exit* sa beranda, huwag maglagay ng kahit anong bagay sa ibabaw nito, ganoon din sa harapan ng dingding na nama-magitan sa kapitbahay.

⑥ Pasilyo at Hagdanan (Common Areas)

Ang pasilyo at hagdanan ay tinatawag na *common area* at pwedeng gamitin ng kahit sino. Huwag maglagay ng kahit anong bagay dito, sapagkat posibleng makaabala ito sa paglikas sa oras ng kapahamakan.

⑦ 自転車置き場・駐車場

自転車は、通る人の邪魔にならないよう、決められた場所におきましょう。もし車を持っている場合は、車を道にとめるのではなく、駐車場を借りなければいけません。



⑦ Bisikleta at Paradahan

Iparada ang inyong bisikleta sa tamang lugar na hindi makakaharang sa dinadaan. Iparada rin ang inyong kotse sa tamang lugar at hindi sa kalsada.

(4) 電気・ガス・水道

① 料金の支払い方

送られてきた請求書に書かれた金額を、支払い期限（この日までに払わなければならないという日）までに、銀行や郵便局、コンビニエンスストアなどで支払います。あなたの銀行口座から、自動的に引き落とすこともできます。

② 電気を使うとき

日本の電圧はどこでも100ボルトですが、周波数は西日本が60ヘルツ、東日本では50ヘルツです。電圧や周波数が違う電気器具は、使えないことがあるので注意しましょう。電気器具を一度にたくさん使うと、アンペアブレーカーが切れることがあります。そのときは、使っている電気器具を減らし、ブレーカーのつまみをあげ、スイッチを入れてください。

(4) Kuryente, Gas at Tubig

① Pagbabayad

Maaring bayaran ang *bill* sa bangko, *post office* o *convenience store*. Bayaran bago ang itinakdang *deadline* ng pagbabayad na nakasulat sa resibo. Pwede rin namang ipakaltas na lamang ito kada-buwan sa ipon (*savings account*) sa bangko o *post office*.

② Kuryente

Ang boltahe ng kuryente kahit saang lugar sa Japan ay 100 *volts*, pero ang *frequency* ay nahahati sa 60 *hertz* sa kanlurang bahagi ng Japan at 50 *hertz* naman sa silangang bahagi. Tandaan na ang kagamitang de-kuryente na pwedeng gamitin sa isang rehiyon ay posibleng di naman maaring gamitan sa iba. Kung pagsasabay-sabayin ang gamit ng mga *appliances* na de-kuryente, maaring mag-*trip* ang *breaker*. Patayin ang ibang gamit at muling i-switch ang *breaker*.

③ ガスを使うとき

家で使うガスは、「都市ガス」と「LPガス」の2種類があります。地域によって種類が違います。ガスの種類に合わないガス器具を使うなど、使い方をまちがえるととても危険なので、注意してください。

④ 水道を使うとき

水が出なくなったり、水道管から水が漏れているなど、こわれた時も、市役所や町役場に連絡してください。

(5) コンビニエンスストアの利用

日本では24時間あいているコンビニエンスストアがどこにでもあります。食べ物や生活で使うものを売っているだけでなく、いろいろなことができます。

- ① ガスや水道などの公共料金やインターネットショッピングなどの代金を払う
- ② コピーをとる、FAXを送る
- ③ 手紙、宅配便（又は郵便小包）を送る
- ④ チケットを予約する、買う（イベント、バスなど）
- ⑤ ATMを使ってお金をおろす

(6) 借りている家を出ることを決めたら

- ① 賃貸借契約（家を借りる契約）の解約（契約をやめる）の通知（知らせる）
部屋や家を借りている人は、解約したい日の1~2ヶ月前に、家主にそれを言

③ Gas

Ang *gas* na ginagamit sa bahay ay may dalawang uri - *natural gas* at *liquid propane gas (LPG)*. Siguraduhin na ang kagamitan ay ayon sa ginagamit na *gas*. Mag-ingat nang mabuti sa paggamit, dahil maari itong magdulot ng higit na kapahamakan.



④ Tubig

Kung nawalan ng tubig, nasira ang tubong dinadaluyan nito, o nagkaroon ng tulo, sumangguni kaagad sa munisipyo o *town hall*.

(5) Convenience Stores

May mga *convenience store* na bukas 24 na oras kahit saang lugar sa Japan. Makakabili rito ng kung anu-anong pagkain o mga pang-araw-araw na bagay. Pwede ring:

- ① magbayad ng kuryente, *gas*, tubig o mga gamit na binili sa *internet*
- ② magpa-kopya (*xerox copy*) o mag-fax
- ③ magpadala ng sulat o *parcel*
- ④ magpa-reserve o bumili ng *ticket* (para sa *events*, *bus*, at iba pa)
- ⑤ mag-withdraw ng pera mula sa *ATM*



(6) Pag-alis sa Inuupahang Tirahan

- ① Pagpapaalam sa May-ari (Pagputol ng Kontrata)
Kailangang magpaalam sa may-ari 1-2 buwan bago umalis. Ang mga tamang alituntunin sa pag-alis ay nakasulat sa kontrata.

わなければなりません。どうしたらいいかは契約書に書いてあります。

② 引越会社に頼む

日本にはたくさんの引越会社があります。頼む前に値段を比べたほうがいいでしょう。

(7) 借りている家を出るために

① 公的機関（市役所や町役場、学校など）

ですること

a. 水道
市役所や町役場の水道課に連絡してください。

b. 国民健康保険（入っている人だけ）
保険証を返してください。同じ市や町の中で引っ越す人は、転居届をしてください。

c. 転校（転出）手続き（小・中学校）
今行っている学校に、いつ引っ越すか知らせてください。

d. 転出届・転居届
外国や他の市や町に引っ越す場合は転出届をして、転出証明書を忘れないでもらってください。後で他の市や町で住み始めたときに、市役所や町役場で出さなくてはなりません。引っ越しの14日前から届け出ができます。同じ市や町の中で引っ越す場合は転居届をしてください。

② Paghahanap ng *Moving Company*

Maraming kompanya sa *Japan* na propesyonal na nagaayos ng paglipat (*moving company*). Mas makakabuting paghambingnin muna ang mga presyo bago hilingin ang serbisyo nito.

(7) Bago Umalis

① Mga Dapat Gawin sa Pamublikong Pasilidad (sa Munisipyo, *Town Hall*, paaralan at iba pa)

a. Tubig
Sumangguni sa departamento ng patubig sa munisipyo o *town hall*.

b. *National Health Insurance* (para sa mga kasapi nito)
Ibalik ang inyong *insurance card*. Kung sakop din ng dating bayan o munisipyo ang lilipatang bahay, mag-*apply* para sa “*notice of change of address*”.

c. Pagbabago ng Paaralan (*Elementary at Junior High School*)
Ipagbigay-alam sa kasalukuyang paaralan kung kailan kayo lilipat.

d. Pagpapatala ng Paglipat ng Tirahan
Kung lilipat ng tirahan sa ibang bayan, syudad o ibang bansa, kailangang ipatala ito (*notice of moving out*). Huwag kalimutang kumuha ng *application form* sa munisipyo para rito. Ipasa ito sa munisipyo o *town hall* ng lilipatang lugar. Ito ay pwedeng gawin 14 na araw bago lumipat. Kung ang lilipatang lugar ay nasa parehong bayan o syudad, ipatala rin ang paglipat (*notice of change of address*).

② 家の片付けなど

a. 電気・ガス
今住んでいるところと、これから新しく住むところにある営業所（店）に、住所、名前、電話番号、引っ越し日を知らせます。このとき、電気、ガス、水道の検針票（今月いくら使ったかを知らせる紙が毎月来ます）か、領収書にある「お客様番号」を言ってください。

b. 電話（NTTならTEL：116）
今住んでいるところに電話がある場合は、NTTに引っ越し日を知らせます。他の電話会社を使っている場合は、その会社に言ってください。

c. ゴミの整理
ゴミが一度にたくさん出ますが、きちんと分けて捨ててください。また、お金を払って、ゴミを集める専門の会社を持って帰ってもらうこともできます。

テレビ、エアコン、冷蔵庫、洗濯機は、買ったときの店や、新しく買う店に持って帰ってもらえるよう頼んで、お金を払ってください。

d. 郵便
郵便局で転居届を出すと、1年間は新しい住所（国内だけ）に郵便物を送ってもらえます。

② Mga Dapat Ayusin sa Tirahan

a. Kuryente at *Gas*
Ipagbigay-alam sa kasalukuyang kompanya, gayundin sa kompanya ng lilipatang lugar ang inyong tirahan, pangalan, telepono at araw ng paglipat. Sabihin ang inyong *customer number* na makikita sa resibong dumarating buwan-buwan.

b. Telepono (116 kung *NTT*)
Kung may linya kayo ng telepono, ipagbigay-alam sa *NTT* kung kailan kayo aalis. Ganoon din kung gumagamit kayo ng ibang linya bukod sa *NTT*.

c. Basura
Kahit na siguradong maraming basura sa inyong paglipat, tiyakin na paghiwalalayin ang mga ito at itapon nang tama. Maari ring ipakuha ang mga basura sa pribadong kompanya na ang talagang trabaho ay mangolekta nito, subalit may bayad ang serbisyon ito. Ang TV, *aircon*, *refrigerator*, *washing machine* at iba pang malalaking kagamitang dekorante ay pwedeng dalhin sa binilhang tindahan o sa tindahan ng bagong biling kagamitan.

d. *Post Office*
Ipagbigay-alam ang bagong *address* sa pagsusulat nito sa *tenkyo-todoke*. Ang mga sulat ninyo sa lumang *address* ay maiparating sa bagong tirahan sa loob ng isang taon.

